



Pagpapahayag na pinagtibay ng ika-36 na sesyon ng Pangkalahatang Kumperensiya ng UNESCO



Adopté par l'assemblée générale de l'ICA à Oslo, Septembre 2010

Pandaigdig na Pagpapahayag ukol sa mga Artsibo

Ang mga artsibo ay nagtatala ng mga pasiya, aksiyon at alaala.

Ang mga artsibo ay isang natatangi at di-mapapalitang pamanang ipinapasa sa mga salinlahi. Ang mga artsibo ay pinamamahalaan mula sa kanilang pagkalikha upang mapanatili ang kanilang sagsay at kahulugan. Ang mga ito ay awtoratibong mulaan ng impormasyong sinusuhayan ng mga may pananagutan at transparent na aksiyong administratibo. May mahalagang papel na ginagampanan ang mga ito sa pag-unlad ng mga lipunan sa pamamagitan ng pangangalaga at pag-ambag sa indibidwal at komunidad na gunita. Pinagyayaman ng malayang paggamit sa mga artsibo ang ating kaalaman hinggil sa lipunan ng tao, nagtataguyod ng demokrasya, nagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng mga mamamayan, at pinatataas ang kalidad ng buhay.

Dahil dito, kinikilala namin :

- Ang natatanging kalidad ng mga artsibo bilang tunay na ebidensiya ng mga gawaing administratibo, kultural, at intelektuwal, at bilang repleksiyon ng ebolusyon ng mga lipunan;
- Ang mahalagang pangangailangan sa mga artsibo para sa pagsuporta ng kahusayan ng gawain, pananagutan at transparensi, para sa proteksiyon ng mga karapatan ng mamamayan, para sa pagtatatag ng indibidwal at kolektibong gunita, para sa pag-unawa ng nakaraan, at para sa pagtatala ng kasalukuyan upang maging gabay ng mga pagkilos sa hinaharap;
- Ang pagkakaiba-iba ng mga artsibo sa pagtatala ng bawat parte ng mga gawaing pantao;
- Ang napakaraming format sa paglikha ng mga artsibo kabilang ang papel, elektroniko, audio-visual, at iba pang mga uri;
- Ang tungkulin ng mga artsibero bilang sanay na propesyonal na may pauna at patuluyang edukasyon, naglilingkod sa lipunan sa pamamagitan ng pagtangkil sa paglikha ng mga rekord, at sa pamamagitan ng pagpipili, pagmamantene, at pagtitiyak na maaaring magamit ang mga rekord;
- Ang kolektibong responsabilidad ng lahat-mamamayan, publikong administrador at tagapasiya, may-ari ng mga publiko at pribadong artsibo, at artsibero at iba pang espesyalista sa impormasyon—sa pamamahala ng mga artsibo.

Sa gayon, nagkakasundo kaming magtutulungan upang :

- Ang mga angkop na pambansang patakaran at batas na pang-artsibo ay mapagtibay at maipatupad;
- Ang pamamahala ng mga artsibo ay pinahahalagahan at mahusay na isinasakatuparan ng lahat ng grupo, pribado o publiko, na lumilikha at gumagamit ng mga artsibo sa pangangasiwa ng kanilang mga gawain;
- Ang sapat na yaman ay ilalaan upang suportahan ang wastong pamamahala ng mga artsibo, kabilang ang pag-empleo ng mga sanay na propesyonal;
- Ang mga artsibo ay pinamamahalaan at pinapanatili sa mga paraang magtitiyak ng kanilang awtentisidad, pagiging maaasahan, integridad, at kakayahang magamit;
- Ang mga artsibo ay maaaring magamit ng lahat, habang isinasaalang-alang ang mga kaugnay na batas at ang mga karapatan ng mga indibidwal, mga tagalikha, mga may-ari at mga gumagamit;
- Ang mga artsibo ay ginagamit upang mag-ambag sa pagsusulong ng responsableng pagkamamamayan.